

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 2:
ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG GITNA, AT PAANO ANG DULO?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



PATNUBAY NG GURO

Alternative Learning System - Accreditation and Equivalency (ALS-A&E)

**JUNIOR HIGH SCHOOL: KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 2
(ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG GITNA, AT PAANO AND DULO)**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 2: Ano ang Simula, Kailan ang Gitna, at Paano ang Dulo?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hanggahan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Ano ang Simula, Kailan ang Gitna, at Paano ang Dulo?

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong guro sa paaralan at ALS at pampridadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng ALS Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral sa ALS.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang guro/tagapagpadaloy sa ALS, inaasahan na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paggamit ng modyul na ito. Kinakailangan din na masubaybayan ang paglago ng mag-aaral sa kanilang pamamahala sa sariling pagkatuto. Higit sa lahat inaasahan din na iyong hihikayatin at gagabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay
- at pagsusunod- sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)
- Nakasusulat ng isang simpleng resipi (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS- 14)
- Nakasusulat ng liham na nag-aaplay ng trabaho (LS1CS/FIL-PU-PPE- MT/JHS-14)
- Nakasusulat ng tugma o maikling tula (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)
- Nakasusulat ng sariling talambuhay (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Mga Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Aralin 2: Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas ng Akda

Aralin 3: Pamamaraan ng Pagpapaabot ng Mensahe

Paunang Pagtataya: Ipasagot sa mga mag-aaral ang Subukin Mo na matatagpuan sa pahina 3 hanggang 7. Ipaliwanag ang mga panuto upang masagutan nila ito nang wasto.

Huling Pagtataya: Pagkatapos ng Aralin 1 hanggang Aralin 3, ipasagot sa mga mag-aaral ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina 52 hanggang 54.

Mga Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari Gabay sa Sesyon: Aralin 01

I. Layunin

1. Nakasusulat ng isang simpleng resipi
(LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

II. Paksa

- A. **Aralin 1:** Mga Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari
- B. **Kagamitan:** Slides na naglalaman ng paksang tatalakayin, projector, kopya, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

Magpakita sa mga mag-aaral ng larawan ng paraan ng pagluluto ng isang pagkain o hindi naman kaya ay isang video na nagpapakita ng paraan ng pagluluto ng isang ispesipikong pagkain.

Itanong:

- a. Ano ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga proseso sa pagluluto ng pagkaing ito?
- b. Paano mo inilahad nang sunod-sunod ang mga proseso sa pagluluto?

Pag-usapan ang mga sagot ng mga mag-aaral.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipakita ang slide na naglalaman ng picture story o proseso sa paggawa ng isang kagamitan. Subukin itong ipaayos sa mag-aaral ayon sa kung ano ang dapat mauna sa proseso.

Itanong:

Paano niyo mapagsusunod-sunod ang mga larawan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag?

Ipagawa ang gawain na nasa Tuklasin na makikita sa pahina 9. Hayaang magbahaginan ng sagot ang mga mag-aaral at pag-usapan ang kanilang sagot.


2. Pagtatalakayan

Talakayin ang sumusunod na punto:

- a. Magpakita ng mga pagkain na malapit sa karanasan ng mga mag-aaral. Maaaring ito ay mga lutuin sa mga espesyal na okasyon o handaan.
- b. Talakayin ang mga uri ng pagkakasunod-sunod o order at magbigay ng halimbawa sa bawat isa. Bigyang-pansin ang paggawa ng isang resipi.
- c. Pag-usapan ang mga resipi na ipinakita sa mga mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng resipi na alam nila.
- d. Talakayin sa tulong ng mga halimbawa na nasa modyul ang mga hudyat sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
- e. Hikayating makapagbigay ng halimbawa ang mga mag-aaral. Ipokus ang tuon sa paggawa ng resipi.

3. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *concept map* ng mga punto na dapat nilang tandaan. Maaaring gamitin ang *concept map* na ito:



4. Pagpapahalaga

Ipagawa ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 19. Hikayating ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

5. Paglalapat

Ipagawa ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 20. Pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang gawain. Hikayating magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang ginawa.

IV. Pagtataya

Ipagawa ang Isagawa na matatagpuan sa pahina 21. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto at rubrik upang maging patnubay nila sa pagsulat ng sariling resipi.

RUBRIK SA PAGGAWA NG RESIPI

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (8 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON	Napakahusay dahil walang mali sa gramatika at maayos ang lahat ng mga ideya sa loob ng resipi	Mahusay dahil kakaunti lamang ang mali sa gramatika at maayos halos lahat ang mga ideya na nasa loob ng resipi	Kailangang baguhin dahil halos lahat ng pangungusap ay may mali sa gramatika at hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa loob ng resipi	
PAKSANG-DIWA (PAGGAMIT NG SIKWENSIYAL NA PARAAN NG PAGKAKASUNOD-SUNOD NG PANGYAYARI)	Napakahusay dahil nagamit nang wasto at malikhain ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Mahusay dahil may ilan sa mga pahayag na kinakitaan ng wastong paggamit ng sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Hindi ginamit nang wasto ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	

PATNUBAY NG GURO 1

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (8 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
PAGGAMIT NG MGA TAMANG HUDYAT	Napakahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Mahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang ilan sa mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Hindi nagamit nang maayos at at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

V. Karagdagang Gawain

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain na ito.

Panuto: Magpasaliksik ng isang pagkain na maaaring maitinda sa kanilang lugar tulad ng yema, pastillas, cookies, kakanin, at iba pa. Ipasulat ang mga proseso sa paggawa nito sa pamamagitan ng paggamit ng mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

RUBRIK SA PAGGAWA NG RESIPI

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (8 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON	Napakahusay dahil walang mali sa gramatika at maayos ang lahat ng mga ideya sa loob ng resipi	Mahusay dahil kakaunti lamang ang mali sa gramatika at maayos halos lahat ang mga ideya na nasa loob ng resipi	Kailangang baguhin dahil halos lahat ng pangungusap ay may mali sa gramatika at hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa loob ng resipi	
PAKSANG-DIWA (PAGGAMIT NG SIKWENSIYAL NA PARAAN NG PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI)	Napakahusay dahil nagamit nang wasto at malikhain ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Mahusay dahil may ilan sa mga pahayag na kinakitaan ng wastong paggamit ng sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Hindi ginamit nang wasto ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	

PATNUBAY NG GURO 1

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (8 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
PAGGAMIT NG MGA TAMANG HUDYAT	Napakahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Mahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang ilan sa mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Hindi nagamit nang maayos at at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

6 ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG GITNA, AT PAANO ANG DULO?

Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna, at Wakas ng Akda Gabay sa Sesyon: Aralin 02

I. Layunin

1. Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod- sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)
2. Nakasusulat ng sariling talambuhay (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

II. Paksa

- A. **Aralin 2:** Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas ng Akda
- B. **Kagamitan:** Slides na naglalaman ng paksang tatalakayin, projector, kopya ng modyul, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Magpakita ng isang resipi. Hikayating maiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang nakalipas na aralin. Maaaring pumili ng mag-aaral na magbibigay ng lagom ng natutuhan. Bigyang-diin ang mga mahahalagang konseptong mula sa nakalipas na aralin.

2. Pagganyak

Gumamit ng teknik na dyad. Hayaang pumili ng kapareha ang bawat isa at magbahaginan ng kanilang karanasan batay sa tanong na:

Anong karanasan ang gustong-gusto mong balik-balikan?

Bigyan ng sapat na panahon ang bawat kapareha. Pumili ng magkapareha na magbabahagi ng kanilang ginawa.

Pag-usapan ang mga sagot ng mag-aaral.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Itanong:

Naranasan mo na bang ibahagi o ikuwento sa iyong pinakamatalik na kaibigan ang mga karanasan mo sa buhay? Paano mo ito isinalaysay?

Ipagawa ang gawain na nasa Tuklasin. Pag-usapan ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga inilaang tanong.

2. Pagtatalakayan

a. Itanong:

Paano sinimulan, ipinagpatuloy, at winakasan ang pagsasalaysay sa talambuhay ni Andres Bonifacio? Sikaping mapalabas mula sa pagbabahagi ng mga mag-aaral ang mga salitang hudyat ng simula, gitna, at wakas ng akdang nabanggit.


b. Talakayin ang mga hudyat ng simula, gitna, at wakas ng isang akda. Ipabasa ang Pagtalakay na nasa modyul upang lubusang maunawaan ito.

c. Balikan ang talambuhay ni Andres Bonifacio. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga ginamit na hudyat ng simula, gitna, at wakas ng akda. Maaaring magbigay pa ng isang halimbawa upang mapalalim pa ang pagtalakay sa paksa.

d. Talakayin ang Pagsulat ng Talambuhay. Maaaring gamitin ang mga naibigay na halimbawa sa pagtalakay nito.

3. Paglalahat

Ipagawa ang Paglalahat sa pamamagitan ng pagbuo ng isang concept map ng mga punto na dapat nilang tandaan. Maaaring gamitin ang *concept map* na ito:



PATNUBAY NG GURO 2

4. Pagpapahalaga

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 31 hanggang 32 at hayaang tukuyin nila ang mga hudyat na ginamit sa simula, gitna, at wakas. Ipasulat ang kanilang kasagutan sa isang malinis na papel.

5. Paglalapat

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 33. Ipaliwanag nang maayos ang panuto upang lubos na maunawaan nang mga mag-aaral ang gawain. Ipasulat ang kanilang kasagutan sa isang malinis na papel.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain II sa bahagi ng Isagawa na matatagpuan sa pahina 34. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto at ang rubrik sa pagsulat ng sariling talambuhay upang magabayan sila sa lalamanin ng kanilang gawain.

RUBRIK SA PAGSULAT NG TALAMBUHAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRATERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
NILALAMAN (6 PUNTOS)	Maayos ang lahat ng mga impormasyon na nakapaloob sa talambuhay. Malinaw na nailahad ang nais iparating sa talambuhay.	
PAGGAMIT NG MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS. (8 PUNTOS)	Nagamit nang wasto Hudyat ng Pagsusunod-sunod ng Pangyayari	
PAGIGING MALIKHAIN (3 PUNTOS)	Malikhain ang pagkakagawa ng sanaysay, gumamit ng ibang porma	
ORGANISASYON (3 PUNTOS)	Organisado, malinaw at simple ang pagkakalahad ng ideya. Magkakaugnay ang mga pangungusap at maayos ang transisyon sa mga sumusunod na talata	
KABUOAN (20 PUNTOS)		

V. Karagdagang Gawain

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain.

Panuto: Magpagawa sa mga mag-aaral ng talambuhay ng isang artista, tao, o personalidad na kanilang hinahangaan. Ang talambuhay ay dapat na magtaglay ng mga salitang hudyat ng simula, gitna, at wakas.

Pamamaraan ng Pagpapaabot ng Mensahe Gabay sa Sesyon: Aralin 03

I. Layunin

1. Nakasusulat ng liham na nag-aaplay ng trabaho
(LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)
2. Nakasusulat ng tugma o maikling tula
(LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

II. Paksa

- A. **Aralin 3:** Pamamaraan ng Pagpapaabot ng Mensahe
- B. **Kagamitan:** Slide na naglalaman ng tatalakaying paksa, projector, kopya ng modyul, ballpen, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Balikan ang nakalipas na aralin. Maaaring pumili ng mag-aaral na magbubuod sa paksa. Pag-usapan ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa mga hudyat ng simula, gitna, at wakas ng isang akda. Hikayating magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang awtput sa karagdagang gawain.

2. Pagganyak

Magpakita ng mga entry/lahok mula sa pahinang Anunsiyo Klasipikado/Classified Ads ng pahayagan. Ipatukoy ang mga anunsiyo tungkol sa mga naghahanap ng manggagawa/trabahador.

Itanong:

Kung kayo ay mag-aaplay ng trabaho, alin sa mga ito ang aaplayan ninyo? Bakit?

Pag-usapan ang kanilang mga sagot.

Magpakita ng isang maikling tugma/tula mula sa isang pamahayagang pampaaralan.

Itanong:

Naranasan niyo na rin bang magpahayag ng inyong saloobin o damdamin sa pamamagitan ng isang tula? Paano niyo ito ipinahayag?

Pag-usapan din ang kanilang sagot. Hikayating makapagbahagi ng linya/taludtod ng tula ang mga mag-aaral na may karanasan na sa pagsulat nito.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipabasa ang teksto na nasa modyul na makikita sa pahina 36 at ipasagot ang mga tanong kaugnay nito. Maaaring gawing malayang pasalita ang pagsagot sa mga tanong upang mahikayat ang mga mag-aaral na lumahok.

2. Pagtatalakayan

- a. Talakayin ang mga pamamaraan ng paghahatid ng mensahe na mababasa sa pahina 38 hanggang 45 ng modyul.
- b. Magpakita ng halimbawa ng liham-aplikasyon. Hayaang makapagbigay ng mga puna ang mga mag-aaral tungkol dito. Pag-usapan ang mga bahagi nito mula patunguhan hanggang sa lagda.
- c. Ipabasa ang halimbawa ng tula na nasa modyul na makikita sa pahina 44. Pag-usapan ang nilalaman ng tula at ang pagkakabuo nito.

3. Paglalahat

Itanong:

Ano-ano ang mga mahahalagang bahagi ng liham-aplikasyon?

Paano ito isinusulat?

Ano-ano ang mga mungkahing gabay sa pagsulat ng isang tula?

4. Pagpapahalaga

Pasagutan sa mga mag-aaral ng Gawain I na matatagpuan sa pahina 46. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang rubrik at ang panuto. Ipasulat ang kanilang kasagutan sa isang malinis na papel.

Pamantayan:

5 - Mahusay

4 - Katamtaman

3 - Pagbutihin pa

2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kahusayan,

1 - Lubos na hindi kinakitaan ng kahusayan

RUBRIK SA PAGBUO NG LIHAM-APLIKASYON

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
NILALAMAN	Nailahad nang malinaw ang layunin ng sumulat	
ORGANISASYON	Nakabuo nang maayos at makatotohanan na liham. Nasa angkop na posisyon ang bawat parte nito	
PAKSANG-DIWA	Ang ginawang liham-aplikasyon ay nakapanghihikayat sa mambabasa at epektibo ang pagkakabuo nito ayon sa layunin	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

5. Paglalapat

Pasagutan ang Gawain II sa mga mag-aaral na matatagpuan sa pahina 47. Ipaliwanag nang maayos ang panuto at rubrik upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang gawain. Ipasulat ang kanilang kasagutan sa isang malinis na papel.

PATNUBAY NG GURO 3

Pamantayan:

- 5 - Lubos na kinakikitaan ng kahusayan
- 4 - Bahagyang kinakikitaan ng kahusayan
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kahusayan
- 1 - Lubos na hindi kinakitaan ng kahusayan.

RUBRIK SA PAGBUO NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Malinaw ang mensaheng ipinararating sa tulang naisulat at kinakitaan ng kaalaman sa balitang napili	
MEKANIKS	Binubuo ng apat na saknong ang tula	
KARIKTAN	Malikhaing nagamit ang tugmaan upang malinaw na makita ang aliw-iw/indayog ng tula	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

IV. Pagtataya

Ipagawa ang Gawain I at II na nasa bahagi ng Isagawa na matatagpuan sa pahina 48 hanggang 49. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto at rubrik upang masagutan nila ito nang wasto. Ipalagay ang kanilang kasagutan sa isang malinis na papel.

Pamantayan:

- 5 - Mahusay
- 4 - Katamtaman
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kahusayan,
- 1 - Lubos na hindi kinakitaan ng kahusayan

V. Karagdagang Gawain

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pagtataya at iwasto ang kanilang mga sagot. Sikaping masuri ang resulta ng kanilang Pre-test at Post-Test upang makita kung anong kasanayan ang nangangailangan ng kaukulang interbensiyon.

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain na ito.

Panuto: Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang liham-aplikasyon kung saan sila ay mag-aplay bilang isang manunulat sa isang kompanya na naglalathala ng mga literatura. Dapat na ilakip sa liham-aplikasyon ang mga sariling likhang tula. kalakip ng liham-aplikasyon na ito ang halimbawa ng mga sariling likhang tula.

RUBRIK SA PAGBUO NG LIHAM-APLIKASYON

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Naibigay ang mga mahahalagang bahagi ng liham-aplikasyon	
ORGANISASYON	Nakabuo nang maayos at makatotohanan na liham. Nasa angkop na posisyon ang bawat parte nito	
PAKSANG-DIWA	Ang ginawang liham-aplikasyon ay nakapanghihikayat sa mambabasa at epektibo ang pagkakabuo nito ayon sa layunin	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

SUBUKIN MO

GAWAIN I

PAHINA 3

1. C
2. B
3. B
4. A
5. B
6. A

GAWAIN II

PAHINA 7

- 2
- 4
- 5
- 1
- 3

GAWAIN III

PAHINA 7

Nararapat na ang mag-aaral ay naglagay ng sumusunod:

Patunguhan

Bating Panimula

Mensahe

Bating Pangwakas

Lagda

ARALIN 1: MGA HUDYAT SA PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 19

1. C
2. B
3. A
4. D

GAWAIN II

PAHINA 20

CHEESE DOG BREAD ROLL

PANG-NEGOSYO AT PANG-MERYENDA

Bilang ng serving: 12 na servings

MGA SANGKAP:

- Labing dalawang (12) piraso ng tinapay
- Tatlong(3) malalaking hotdog, hiwain sa apat(4) na piraso
- apat (4) onsa ng keso, hiwain ito sa dalawampu't apat (24) na maninipis na piraso
- dalawang (2) itlog
- 1/4 tasa ng gatas (evaporated, fresh)
- isang (1) pakete ng bread crumbs
- mantika

MGA HAKBANG SA PAGGAWA:

Unang Hakbang: Tanggalin ang gilid ng mga tinapay at patagin ito hanggang sa maging manipis at malapad.

Pangalawang Hakbang: Ilagay ang isang piraso ng hotdog at dalawang piraso ng keso sa patag na tinapay at saka ito bilutin. Ulitin hanggang sa maubos ang mga tinapay.

SUSI SA PAGWAWASTO

Pangatlong Hakbang: Sa isang mangkok, paghaluin ang itlog at gatas. Batihin ito hanggang sa mahalang mabuti.

Pang-apat na Hakbang: Ilagay sa isang plato ang bread crumbs

Panlima Hakbang: Isawsaw ang bread roll sa pinaghalong itlog at gatas at saka ipagulong sa bread crumbs

Pang-anim na Hakbang: Painitin ang kawali at lagyan ng mantika (Dapat na lumubog sa mantika ang bread roll upang mapritong mabuti) at ilagay ang bread roll at lutuing mabuti hanggang maging malutong.

Pampitong Hakbang: Ilagay sa isang plato. Maaaring magdagdag ng ketchup o mayonnaise upang maging sawsawan.

ARALIN 2: MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS NG AKDA

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 31

1. Si Carolina Dela Cruz
2. Kaya naman,
3. Samantalang,
4. Nagpatuloy ang mga araw
5. Bunga nito

GAWAIN II

PAHINA 34

1. S
2. W
3. G
4. G
5. W

ARALIN 3: PAMAMARAAN NG PAGPAPAABOT NG MENZAHE

PAGTATAYA

PAHINA 52

1. C
2. C
3. D.
4. B
5. B
6. B
7. A
8. C
9. B
10. C

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph